Mga Tips para sa Pagsampsa ng Reklamo sa Kalidad ng Hangin

Napapansin mo bang marumi ang hangin sa iyong kapaligiran?

Sundin ang mga tips na ito sa pagsampa ng reklamo tungkol sa kalidad ng hangin. Ang impormasyong ibibigay mo ay makakatulong sa Inspektor ng Air District para mahanap at matukoy ang pinanggagalingan ng emisyon upang mahusay na matugunan ang mga problema tunglol sa polusyon sa hangin.

Tip #1

Ireport kaagad sa Air District ang mga problema tunglol sa kalidad ng hangin.

- **Mga pangkalahatang reklamo tungkol sa kalidad ng hangin, tumawag sa 1-800-334-ODOR (1-800-334-6367)**
- **Mga reklamo usok galing sa sunog na kahoy, tumawag sa 1-877-4NO-BURN (1-877-466-2876)**
- **Mga reklamo sa mausok na sasakyan, tumawag sa 1-800-EXHAUST (1-800-394-2878)**
- **Ireport ang reklamo online sa www.baaqmd.gov/complaints**

Tip #2

Kapag nagsasampa ng reklamo tungkol sa kalidad ng hangin, maaring ibigay ang iyong contact information. Ito ay upang ma-contact ka ng inspector para makakuha ng karagdagang impormasyon at para masabihan ka ng kinalabasan ng imbestigasyon. Puwede ka ring tumawag na "anonymous" kung ayaw mong magpakilala. Iimbestigahan ang lahat ng reklamo para matiyak na nasusunod tungkol sa ang mga naaangkop na regulasyon tungkol sa kalidad ng hangin.

Tip #3

Ilarawan ang nasasaksihan mo kapag nag-uulat ka ng reklamo.

Para sa Mga Amoy:

- Ilarawan ang amoy sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa isang pangkaraniwang bagay na may amoy. Iwasang gumamit ng mga generic na paglalarawan, gaya ng “mabaho” o “masakit sa ilong” kapag naglalarawan ng mga amoy. Sumangguni sa mga larawan sa dulo ng dokumentong ito para sa mga termino sa paglalarawan ng iba't ibang uri ng amoy.
- Ilarawan ang tindi ng amoy gamit ang sukatang 1 hanggang 5 (1 = hindi masyadong matindi, 3 = medyo matindi, 5 = matindi).
- Banggitin ang lagay ng panahon gaya ng direksyon ng hangin, kung alam mo.

Para sa Mga Nakikitang Emisyon (gaya usok o alikabok):

- Ilarawan ang lawak ng naobserbahang emisyon, gaya ng laki at tindi ng usok.
- Banggitin ang kulay ng alikabok o ng usok (gaya ng puti, brown, itim, o iba pa).
- Banggitin ang lagay ng panahon gaya ng direksyon ng hangin, kung alam mo.

Tip #4

Magbigay ng mga larawan o video na nagdodokumento sa mga nakikitang emisyon at ibahagi sa inspektor. Banggitin ang anumang aktibidad o ino-operate na kagamitan posibleng pinanggagalingan ng emisyon. Subukang tukuyin ang pangalan o address ng partikular na lugar o pasilidad, o ang pinakamalapit na "cross-street" o palatandaan kung saan posibleng nanggagaling ang mga emisyon.

Tip #5

Ibigay ang (mga) lokasyon ng mga emisyon. Magsasagawa ang inspektor ng imbestigasyon sa (mga) partikular na lugar kung saan naobserbahan ang mga emisyon para matukoy ang lawak ng epekto nito at ang mga posibleng paglabag ng regulasyon tungkol sa kalidad ng hangin.

Tip #6

Makakatulong ang pakikipagkita mo sa Inspektor upang mabilis na mahanap at matukoy ang pinagmumulan ng emisyon. Kung nangyayari pa rin ang emisyon, tatanungin ka ng Inspektor kung puwede kang makipagkita sa kanya para sabay ninyong maobserbahan ang emisyon. Kung hindi ka puwedeng makipagkita, magpapatuloy ang Inspektor sa pag-iimbestiga sa reklamo batay sa ibinigay mong impormasyon.

Tip #7

Nag-aalok ang Air District ng mga serbisyo sa pag-interpret sa mahigit 150 na wika. Makikita ang listahan ng mga wika rito, www.baaqmd.gov/language-list. Humiling ng serbisyo sa pag-interpret sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-334-ODOR.

Tip #8

Idokumento ang iyong mga obserbasyon na may kasamang petsa at oras kung kailan nangyari ang emisyon. Makakakita ng halimbawa ng mahalagang impormasyong dapat idokumento rito, www.baaqmd.gov/emission-log-tl. Ang impormasyong ito ay makakatulong sa pagtukoy ng mga pattern at/o dalas ng mga naobserbahang emisyon.

Tip #9

Ipaalam sa Inspektor kung paano nakakaapekto ang mga emisyon sa iyo. Makakatulong ang impormasyong ito sa pag dokumento ng mga posibleng paglabag ng regulasyon tungkol sa kalidad ng hangin, at ang lawak ng epekto nito.

Tip #10

Interesadong ka bang matuto pa tungkol sa proseso ng pag-iimbestiga ng reklamo tungkol sa kalidad ng hangin? Bumisita sa www.baaqmd.gov/complaints para sa Patakaran at Mga Pamamaraan para sa Reklamo sa Kalidad ng Hangin o tumawag sa 415-749-4999 para sa mga tanong o alalahanin sa kalidad ng hangin.

Makipag-ugnayan sa amin:
www.baaqmd.gov
www.spareheair.org
@bayareaairdistrict

Bay Area Air District
CLEAN AIR FOR ALL

Mga Halimbawa ng Mga Paglalarawan ng Amoy para sa Mga Operasyon para sa Mga Refinery at Pabrika



Mga Halimbawa ng Mga Paglalarawan ng Amoy para sa Mga Pasilidad para sa Pagpoproseso ng Waste

Makipag-ugnayan sa amin:
www.baaqmd.gov
www.spareheair.org
@bayareaairdistrict

Bay Area Air District
CLEAN AIR FOR ALL